

Ano ang karahasan sa pinagtatrabahuan?

Hindi mo aakalain ang sagot Ayon sa OHSU Public Safety Department (Departamento ng Pampublikong Kaligtasan ng OHSU), sa patakaran #07-30-020 ng OHSU, kabilang sa “karahasan sa pinagtatrabahuan” ang, ngunit hindi limitado sa, alinman sa mga sumusunod:

- Panliligalig
- Mga Pagbabanta
- Pang-aapi
- Pananakot
- Stalking (ayon sa pagpapakahulugan sa ORS 163.732)
- Pananalakay (ayon sa pagpapakahulugan sa ORS 654.412)
- Pagsira sa ari-arian sa paraang maglalagay sa isang makatwirang tao sa pisikal na panganib

Ang naturang gawi ay maaaring pasulat, pasalita, electronic, o pisikal.

Ayon sa OHSU, ang karahasan ay anumang pagkilos ng isang tao na nagdudulot ng takot, banta o anumang sadyang pagkilos na nagpapalaki ng posibilidad ng iyong pagkakaaksidente o pagkakapinsala.

Ano ang dapat mong gawin kung makakakita ka o magiging biktima ka ng karahasan sa pinagtatrabahuan?

Muli, ayon sa OHSU Public Safety (Pampublikong Kaligtasan ng OHSU):

“Ang lahat ng ulat ng karahasan sa pinagtatrabahuan o banta na nakakaapekto sa Mga Miyembro ng OHSU ay dapat iulat sa Public Safety. Dapat itala, tugunan, subaybayan at idokumento ng Public Safety ang lahat ng ulat alinsunod sa patakarang ito...”

Kung miyembro ka ng AFSCME Local 328 at nag-aalinlangan kang iulat ang tungkol sa karahasan sa pinagtatrabahuan, o kung natatakot kang mag-ulat, o natatakot kang mapaghigantihan dahil sa pag-uulat, tawagan kami – tutulungan ka namin sa buong proseso.

Tandaan: Hindi mo kailangang pisikal na masaktan o mabantaan upang maging biktima ng karahasan sa pinagtatrabahuan.

Ang pang-aapi, panliligalig o pananakot, pasulat man o pasalita, AY karahasan sa pinagtatrabahuan. Iulat ito.

Kung mayroon kang mga tanong o kailangan mo ng tulong sa pag-uulat ng karahasan sa pinagtatrabahuan, tawagan ang aming unyon sa (971) 271-7832 o pumunta sa www.local328.org at gamitin ang button na “MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN” sa itaas na menu bar upang magpadala sa amin ng email.